

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BILANG TUGON SA COVID-19
(COVID-19 KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BLG. 43)

SAPAGKAT, ang Coronavirus 2019 (COVID-19), isang bagong malubhang sakit sa paghinga, ay mabilis na kumalat sa buong Illinois sa isang maikling panahon, na nangangailangan ng mahigpit na gabay mula sa pederal, estado, at lokal na opisyal ng kalusugan ng publiko at makabuluhang hakbang upang tumugon sa tumataas na kalamidad sa kalusugan ng publiko; at,

SAPAGKAT, ang COVID-19 ay maaaring kumalat sa mga tao sa pamamagitan ng transmisyon sa respirasyon, ang mga taong walang sintomas ay maaaring magpasa ng virus, at sa kasalukuyan ay wala itong epektibong paggamot at bakuna; at,

SAPAGKAT, noong Marso 9, 2020, ako, JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, ay ipinahayag ang lahat ng kondehan sa Estado ng Illinois bilang lugar ng sakuna bilang pagtugon sa pagkalat ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, noong Abril 1, 2020, ipinahayag ko ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad dahil sa mabilis na pagkalat ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, noong Abril 30, 2020, dahil sa inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang nagiging epekto nito sa kalusugan sa buong Estado, pati na rin ang pangangailangan na maiwasan ang potensyal na kakapusan ng mga kama sa ospital, mga kama sa ICU, mga makinang tulong sa paghinga, personal na kagamitan sa proteksyon at materyales para sa pagsusuri sa virus, idineklara ko na ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

SAPAGKAT, noong Mayo 29, 2020, dahil sa libu-libong buhay na nawala sa COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na pagdaragdag ng mga kaso, ang patuloy na banta ng mga kakulangan sa mga kama sa ospital, kwartong pang-emerhensiya, at mga makinang tulong sa paghinga, ang pinabuti ngunit hindi pa rin sapat na kapasidad sa pagsusuri, at ang pagbagsak ng pananalapi na dulot ng virus, muli kong idineklara ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

SAPAGKAT, noong Hunyo 26, 2020, dahil sa patuloy na pasanin sa mga mapagkukunan ng ospital, ang inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19, at ang patuloy na epekto sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, muli kong idineklara ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad (kasama ang mga naunang proklamasyon na nakilala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang Gubernatorial Disaster Proclamations); at,

SAPAGKAT, ang Cannabis Regulation and Tax Act, 410 ILCS 705, at pagpapatupad ng mga regulasyon, Title 8, Seksyon 1300 ng Illinois Administrative Code, ay inatasan ang Illinois Department of Agriculture (IDOA) na mag-isyu ng hanggang sa 40 Craft Grower Licenses, 410 ILCS 705/30-5(a), hanggang sa 40 Infuser Licenses, 410 ILCS 705/35-5(a), at isang walang limitasyong bilang ng Transporting Organization Licenses, 410 ILCS 705/40-5(a), sa Hulyo 1, 2020; at,

SAPAGKAT, alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap 2020-03 at Kautusang Tagapagpaganap 2020-17, ang deadline ng pagsusumite ng aplikasyon sa Cannabis Regulation and Tax Act at pagpapatupad ng mga regulasyon para sa pagsusumite ng mga aplikasyon ng Craft Grower, Infuser, at Transporting Organization Licenses noong Marso 16, 2020, ay suspindido hanggang sa Abril 30, 2020; at,

SAPAGKAT, ang pagsiklab ng COVID-19 at ang pagsuspende ng mga deadline ng aplikasyon ay lumikha ng mga pagkaantala sa proseso ng pagsusuri sa aplikasyon ng IDOA at naapektuhan ang kakayahan ng IDOA na mag-isyu ng Craft Grower, Infuser, at Transporting Organization Licenses noong Hulyo 1, 2020; at,

SAPAGKAT, ang Cannabis Regulation and Tax Act, 410 ILCS 705/20-30(m), ay nagbabawal sa mga sentro ng paglilinang mula sa pagdadala ng cannabis sa isang craft grower, dispensing na organisasyon, organisasyon ng infuser, o laboratoryo na lisensyado sa ilalim ng Batas nang hindi nakakakuha ng Transporting Organization License simula sa Hulyo 1, 2020; at,

SAPAGKAT, ang Cannabis Regulation and Tax Act, 410 ILCS 705/25-5(a), ay inatasan ang IDOA, sa koordinasyon sa Illinois Community College Board, upang magtatag ng isang Community College Cannabis Vocational Pilot Program, at inatasan ang mga kolehiyo ng komunidad na magsumite ng mga aplikasyon sa IDOA para sa Community College Cannabis Vocational Pilot Program na hindi lalampas sa Hulyo 1, 2020, 410 ILCS 705/25-10(a); at,

SAPAGKAT, ang kakayahan ng mga kolehiyo ng komunidad upang makumpleto at isumite ang mga aplikasyon sa IDOA sa Hulyo 1, 2020, ay maaaring naapektuhan ng pagsiklab ng COVID-19 at ang mga hakbang na isinagawa ng Estado upang matugunan ang pagsiklab ng COVID-19;

SAMAKATUWID, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa mga Seksyon 7(1) at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, iniutos ko ang mga sumusunod:

Seksyon 1. Sa panahon ng Gubernatorial Disaster Proclamations, o hanggang sa ang IDOA kung hindi man ay mag-anunsyo ng isang bagong petsa na hindi lalampas sa pagtatapos ng Gubernatorial Disaster Proclamations, ang mga sumusunod na probisyon ng Cannabis Regulation and Tax Act, 410 ILCS 705, at ang pagpapatupad ng mga regulasyon, ay suspendido sa mga sumusunod:

- a. Ang kinakailangan alinsunod sa 410 ILCS 705/30-5(a) na ang IDOA ay mag-isyu hanggang 40 Craft Grower Licenses sa Hulyo 1, 2020, ay suspendido. Ang IDOA ay dapat magbigay ng paunawa sa publiko ng petsa ang mga naturang lisensya ay ilalabas;
- b. Ang kinakailangan alinsunod sa 410 ILCS 705/35-5(a) na ang IDOA ay mag-isyu hanggang 40 na Infuser License sa Hulyo 1, 2020, ay suspendido. Ang IDOA ay dapat magbigay ng paunawa sa publiko ng petsa ang mga naturang lisensya ay ilalabas; at,
- c. Ang kinakailangan alinsunod sa 410 ILCS 705/40-5(a) na ang IDOA ay mag-isyu ng Transporting Organization Licenses nang hindi lalampas sa July 1, 2020, ay suspendido. Ang IDOA ay dapat magbigay ng paunawa sa publiko ng petsa ang mga naturang lisensya ay ilalabas.

Seksyon 2. Sa panahon ng Gubernatorial Disaster Proclamations, o hanggang mag-isyu ang IDOA ng Transporting Organization Licenses alinsunod sa 410 ILCS 705/40-5(a), alinman ang mas maaga, ang kinakailangan alinsunod sa 410 ILCS 705/20-30 (m) at 8 Ill. Adm. Code 1300.195, na simula Hulyo 1, 2020, ang isang sentro ng paglilinang ay hindi dapat magdala ng cannabis o mga produktong na-infuse ng cannabis sa isang craft grower, dispensing na organisasyon, organisasyon ng infuser, o laboratoryo na lisensyado sa ilalim ng Batas na ito, maliban kung nakakuha ito ng Transporting Organization License, ay suspendido.

Seksyon 3. Ang Hulyo 1, 2020, na deadline para sa pagsusumite ng mga aplikasyon ng Community College Cannabis Vocational Pilot Program alinsunod sa 410 ILCS 705/25-10(a), at 8 Ill. Adm. Code 1300.202(a), ay suspendido hanggang Setyembre 1, 2020, o hanggang sa pagtatapos ng Gubernatorial Disaster Proclamations, alinman ang mas maaga.

Seksyon 4. Kapag anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari ay walang bisa ayon sa anumang korte ng karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring bigyang bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklarang maaaring matapos.

JB Pritzker

Inisyu ng Gobernador Hunyo 29, 2020
Isinampa ng Kalihim ng Estado Hunyo 29, 2020